

# 1

Pakiramdam niya ay pinanlalamigan ang buo niyang katawan ganoong hindi naman kalamigan. Sa tingin ng mga nakakasalubong niyang tao sa loob ng mataas na gusaling iyon, tiyak niyang kakaiba ang ekspresyon sa mukha niya. Paano nga ay totoong kinakabahan siya. Sinikap niyang pakalmahin ang sarili. Huminga siya nang malalim.

“Saan po kayo, Ma’am?” tanong sa kanya ng elevator boy.

“S-sa top floor,” sagot niya.

Pagkaraan ng ilang sandali ay bumukas ang pinto ng elevator sa ika-16 na palapag ng apartelle na iyon. Bigla siyang pinangalugan ng mga tuhod. Tila ayaw kumilos ng mga paa niya. Huminga siya nang malalim at pagkuwa’y humakbang nang papalabas ng elevator.

Room 16-D ang pupuntahan niya. Iyon ang nakasulat sa papel na ibinigay sa kanya ng kanyang kaibigang si Mayet. Hindi siya nahirapang hanapin iyon. Lalong nag-umapaw ang kaba sa dibdib niya nang nasa harapan na siya ng pinto noon. Tila gustong

*Karugtong Ng Isang Gabing Pag-ibig - Louise Villafuerte*

umurong ng mga kalamnan niya sa pangangatog. Isa pang paghinga nang malalim ang ginawa niya. *Kailangan kong gawin ito*, paalala niya sa sarili. Buong tapang niyang pinindot ang doorbell.

Saglit lang ay bumukas iyon. Mula roon ay sumungaw ang isang lalaki. Nagkatinginan sila. Mata sa mata. Ngunit panabay ding naalis ang tingin nilang iyon para maglakbay pababa. Naka-tennis shorts ang lalaki. Nasa tamang lugar ang mga muscles. Muli niyang ibinalik ang tingin sa mukha nito na noon ay nakangiti na sa kanya. Nakadama siya ng pagkaasiwa.

“Ikaw ba?” tanong nito habang nakangiti pa rin. Iniwas niya ang tingin dito. Yumuko siya, saka marahang tumango.

“Oh... I’m sorry, tuloy ka nga pala,” anito. Bahagyang tumagilid para bigyang daan siya. Sandaling nagkadikit ang tagilirang bahagi nila. May kung ano siyang nadama, hindi nga lamang niya matiyak kung ano.

Iginala niya ang tingin nang makapasok sa loob. Elegante ang kabuuan ng malawak na silid na iyon.

“Like it?” narinig niyang sabi nito. Lumingon siya rito at saka tumango. Na sinuklian naman nito ng ngiti.

*Karugtong Ng Isang Gabing Pag-ibig - Louise Villafuerte*

Hindi niya alam kung bakit parang naibsan ang kabang nararamdaman niya. Ang takot ay tila biglang nagtago sa isang bahagi ng isip niya. Dahil kaya sa ang lalaking kaharap niya ngayon ay malayo sa itsura ng napi-picture niya kanina? Masyadong guwapo ito para gumawa nang hindi maganda sa kanya. Ang takot sa pakiwari niya ay nahalinhan ng kakaibang pakiramdam na hindi naman niya maturol kung ano dahil noon lamang niya nadama ang ganoon.

“Well...” narinig ulit niyang sinabi nito. Nang muli niya itong tingnan ay tila namamagneto itong nakatitig lang sa kanya. Nasa mga mata ng lalaki ang paghahangad na kanina lamang ay kinatatakutan niya. Muling nagbalik ang kaba sa dibdib niya. Sinikap niyang maitago iyon.

“S-saan ang CR, puwedeng makigamit?” naisip niyang itanong.

“Sure, sa left side mo,” sagot nito. Hindi na niya ito hinintay pa. Mabilis niyang binalingan ang itinuro nitong pinto.

“May towel na diyan kung gusto mong maligo,” pahabol pa nito. Hindi na niya ito nilingon. Nakaramdam siya ng takot at hiya. Pagkapasok sa banyo ay ipininid niya ang pinto.

*Karugtong Ng Isang Gabing Pag-ibig - Louise Villafuerte*

Very tidy ang lalaki. Maging sa CR ay napakalinis nito. Gaya nga ng sabi nito ay may nakahanda na roong towel. Mayroon ding bathrobe. Inaasahan ba talaga nito ang paliligo niya? Bigla ang kilabot na kanyang nadama. Iwinaksi niya iyong pilit sa isip at sinimulan nang maghubad. Dala niya ang kanyang shoulder bag hanggang doon. Baka kasi maghalungkat ang lalaki ay ayaw niyang makakita ito ng anumang identification. Ngayon ang una't huling pagkikita nila.

Nang mahubad niyang lahat ang saplot sa katawan ay tumapat na siya sa dutsa. Maligamgam ang tubig. Sinimulan niyang sabunin ang katawan. Ipinikit niya ang mga mata. Hanggang sa mga sandaling iyon ay nagtatalo pa rin ang isip niya. Ngayon niya napatunayang mahirap pala ang magdesisyon. Lalo kung buhay ang nakataya.

“Kaya kong gawin ito, kaya ko,” bulong niya sa sarili.

---

Waring nahihipnotismong nakatitig sa kanya ang lalaki. Nakaupo ito sa sofa at may hawak na kopita ng alak. Para naman siyang napako sa kinatatayuan sa may pinto ng banyo. Bathrobe na lamang ang suot niya noon.

“Come here,” mahinang sabi nito na inilahad pa ang isang kamay. Ilang saglit pa ay namalayan na lang niya ang sariling nakaupo na sa tabi nito. Hawak nito ang dalawang kamay niya.

“You’re beautiful,” bulong ng lalaki sa isang tainga niya. Pakiwari niya ay may kuryenteng nanulay sa buo niyang katawan. Pero higit na matindi ang nakapapaso nitong titig na wari bang ayaw siyang hiwalayan.

“I want you,” bulong ulit nito. Ang salitang iyon ay tila nakapagpaparalisa sa katawan niya. At nakapagpabalik din wari sa katinuan niya. Sumagi bigla sa isip niya ang dahilan kung bakit siya naroroon.

*Hindi ko kaya!* sigaw ng puso niya. Tinangka niyang itulak ang lalaki sa huling sandali ngunit mabilis siyang naagapan nito. Nangungusap na ang mga mata nito nang muli niyang titigan. Wari ay tinutunaw ng mga tinging iyon ang kanyang pagtutol.

Pinangko siyang bigla nito habang hindi siya hinihiwalayan ng tingin hanggang sa madama niya ang paglapat ng kanyang likod sa malambot na kama. At sinimulan siyang halikan nito.

Sa unang dampi pa lamang ng labi nito ay waring lumutang na ang kanyang kamalayan. Waring umikot

*Karugtong Ng Isang Gabing Pag-ibig - Louise Villafruerte*

ang paligid niya. At kagyat ding tumigil. Tanging ang pumikit na lang ang naisip niyang gawin. Ipinadama nito sa kanya ang kakaibang halik na sa tanang buhay niya ay noon lamang niya nadama. Saglit siyang nawala sa daigdig ng realidad. Ang katotohanan ay dagli niyang tinawid. Namalayan na lamang niya ang sariling tumutugon sa mga yakap at halik ng lalaki. Hindi na niya alam kung paano sila kapwa naging malaya sa kanilang mga saplot sa katawan.

Sa di-kawasa'y napahinto ang lalaki. Tigalgal itong napatitig sa kanya. Pawisan ang mukha at tila nababahala.

“P-paanong... hindi ko alam...” usal nito na bahagyang bumitaw sa pagkakayakap sa kanya.

Nakuha niya ang ibig nitong sabihin. Aywan, ngunit totoong nakadama siya ng kasiyahan. Sa kabila ng kirot na nadarama niya sa ibabang bahagi ng katawan ay nakuha pa rin niyang ngumiti rito. Kinulong niya ng dalawang palad ang mukha nitong nakatunghay sa kanya. Siya na ang kusang humalik dito.

“G-go on...” bulong niya. Pero nanatili pa rin itong nakatitig sa kanya. Siya na ang nagkusang yumakap dito. Hanggang sa unti-unting yumakap ulit ang lalaki sa kanya. Ngunit kakaiba na ngayon. May

Karugtong Ng Isang Gabing Pag-ibig - Louise Villafruerte

pag-iingat na. Ang bawat dantay ng palad nito ay waring may pagsuyo pa. Wala itong tigil sa pagbulong sa kanya ng matatamis na salita. Ibig tuloy niyang maiyak nang mga sandaling iyon.

Isang impit at piping daing ang narinig niyang kumawala sa bibig niya nang tuluyan silang maging isa nito. Nang matapos ang lahat ay humiga ito at masuyo siyang kinabig ng yakap at isinandig sa dibdib. Ipinikit niya ang mga mata. Naramdaman niya ang pagkukumot nito sa magkayakap nilang katawan na kapwa hubad. Pakiramdam niya ay hapung-hapo siya. Gusto niyang matulog. Bago niya tuluyang maipinid ang diwa ay may naulinigan siyang ibinulong nito. Ngunit hindi na niya naunawaan pa iyon.

---

Four-thirty na ayon sa suot niyang relo. Suot na niyang muli ang kanyang mga damit. Maingat na maingat siya sa bawat pagkilos. Ayaw niyang makalikha ng munti man kaluskos na maaaring ikagising ng lalaki. Sinulyapan niya itong muli. Pagkuwa'y naglakad-pusa siya palayo rito.

Palabas na siya nang matawag ang pansin niya ng isang charcoal portrait ng lalaki sa sala. Nilapitan niya iyon at pinagmasdang mabuti. *Totoong napakaguwapong lalaki*, naisip niya. Mapalad ang

*Karugtong Ng Isang Gabing Pag-ibig - Louise Villafuerte*

babaeng iibigin nito. O di kaya'y ang asawa nito, kung mayroon na. Kung bakit may kirot siyang nadama sa dibdib ay hindi niya alam. Minsan pa niyang tinitigan ang larawang nasa harap. Noon niya napansin ang nakasulat sa ibabang bahagi ng larawan.

“Harris,” mahinang basa niya roon. “Salamat, Harris. Salamat sa lahat. Habang buhay kang mananatili sa puso't alaala ko,” bulong niya sa sarili. Ipinasya niyang lisanin na ang lugar na iyon. At ang lalaking lumikha ng pitak sa puso niya sa una pa lamang nilang pagkikita.

## 2

Maliwanag na nang sapitin ni Loren ang *Makati Medical Center*, bitbit ang isang supot ng prutas at isang pumpon ng mga sariwang bulaklak. Binili niya iyon sa labas ng simbahan matapos niyang magsimba. Iyon ay pagkatapos niyang umuwi sa tinutuluyang apartment sa may Sta. Mesa.

Sa paglalakad sa pasilyo ng ospital ay maraming nurses ang bumabati sa kanya. Paano ay kilala na sila roon. Nang sapitin niya ang Room 14 ay mabilis niyang pinihit ang doorknob.

“Mommy!” sigaw ng batang naroroon. Nakahiga ito sa kama.

“How’s my dear baby?” Kaagad na nilapitan ni Loren ang anak at hinagkan sa noo. Tila naman naglalambing na naglambitin pa si Myan sa pagkakayakap sa ina.

“Good girl siyempre, Mommy,” sagot nito. “Mommy, hindi ka na ulit aalis? Hindi mo na ulit ako iiwan?”

“Hindi na, anak. Kaya lang naman umalis si Mommy dahil kumuha ako ng pera sa office. Para

Karugtong Ng Isang Gabing Pag-ibig - Louise Villafuerte  
may pambayad tayo dito sa hospital,” paliwanag niya.

“Mommy, kailan po tayo uuwi kina Nanay Salud?”  
tanong pa nito, tinutukoy ang kanilang landlady.

“Sabi ng doktor mo, baka dalawang araw ka pa  
dito. Pagkatapos noon, puwede na tayong umuwi.  
Kaya dapat, magpahinga ka lagi para mabilis kang  
gumaling.”

“Opo, Mommy. Inaantok na nga po ulit ako, e.”

“O sige, pumikit ka na at hindi ako aalis sa tabi  
mo. Babantayan kita dito.”

“Promise, Mommy?” paniniyak pa nito.

Tumango si Loren. Saka lamang ito muling  
pumikit. Tinapik-tapik niya ito sa pigi. At ilang saglit  
pa ay nakatulog na nga ito. Ganoon naman kasi ang  
epeкто ng gamot na iniinom nito.

Nanatiling nakatitig lamang si Loren sa nakapikit  
na paslit. Hindi niya namamalayan ang unti-unting  
pagbagsak ng kanyang luha. Awang-awa siya sa anak  
ngunit wala siyang magawa.

Si Myan ay anim na taon na, napakaganda at  
bibong bata. Bagay na ikinatutuwa rito ng mga  
kapitbahay nila lalo na ng mag-anak na may-ari ng  
apartment na tinutuluyan nila. Parang apo na nga

Karugtong Ng Isang Gabing Pag-ibig - Louise Villafuerte  
ang turing ni Nanay Salud kay Myan.

Hanggang isang araw na nagkasakit si Myan. Tatlong taon ito noon. Isang kakilala nila ang nagpayong ipagamot si Myan sa *Makati Medical*. Diumano'y mahusay ang mga doktor doon. Hindi na nagdalawang-isip si Loren. Noon nila natuklasan ang tunay na nangyayari sa kalusugan ng anak. Isa si Myan sa mga dinapuan ng sakit na tinatawag na leukemia, cancer of the blood.

Ganoon na lamang ang naging panaghoy ni Loren sa natuklasan. Ilang araw siyang nanangis nang walang patid. Tanging si Nanay Salud lamang ang tuwina ay nagpapaalala sa kanya.

*“Kailangang maging matatag ka, anak. Kung pababayaan mo ang sarili mo’y baka ikaw naman ang magkasakit. Paano na si Myan?”*

*“Bakit siya pa? Napakabata pa ng anak ko para magkasakit nang ganoon,”* hagulhol ni Loren.

*“Diyos ang gumagawa ng kapalaran natin, Loren. Tanggapin mo nang maluwag ang kagustuhan Niya. Ang sabi naman ng doktor ay hanggang sampung taon, di ba? Kapag nalampasan ni Myan ang taning na iyo’y ligtas na siya. Tatagan mo ang pananalig mo, anak. May awa ang Diyos, anak. May awa ang Diyos.”*

Karugtong Ng Isang Gabing Pag-ibig - Louise Villafuerte

Marahil nga ay naawa ang Diyos sa kanila. Gumaling si Myan at nanumbalik ang sigla. Tuloy-tuloy nga lamang ang pagpapagamot nito.

Ngunit pagkaraan ng dalawang taon, ibinalik ulit ang bata sa ospital na iyon. Kinailangan nitong muling masalanan ng dugo.

Hindi birong halaga na ang nagagastos niya. Ang suweldo niya sa *A & L Merchandising* ay kulang na kulang. Kadalasan ay katulong pa niya sa gastusin si Nanay Salud. Kaya ganoon na lamang ang hiya niya rito.

Sa mga oras ng kagipitan, pumapasok sa isip ni Loren ang mga magulang. Naiiyak na lamang siya sa isiping hindi niya matakbuhan ang mga ito sa oras ng pangangailangan. Kung sana ay naging maunawain lang ang mga ito. Sana ay hindi siya agad hinusgahan. Pero puro sana nga lang ang lahat ng iyon. Kaya hanggang ngayon ay mag-isa siyang nagpapasan ng krus.

---

“Hello? Kay Ghio, please, si Harris ito.”

“Sandali lang po at tatawagin ko,” sagot ng nasa kabilang linya. Naghintay sandali si Harris. Noon ay nakaupo ito sa sofa sa sariling pad. Panay ang hitit

Karugtong Ng Isang Gabing Pag-ibig - Louise Villafuerte  
ng sigarilyo na sinasalitan ng pagtungga ng alak sa  
tandang kopita.

“Hello? Si Harris, pare.”

“O, ayos ba, pare ko?” masiglang tugon ng nasa  
kabilang linya.

“Let’s meet somewhere, Ghio.”

Waring natigilan ang kausap. “What’s wrong,  
pare? Huwag mong sabihing hindi okay ‘yon? Aba’y  
talagang ginastahan namin ‘yon just for your 32nd  
birthday.”

“I said, let’s meet somewhere,” may diing sabi  
ni Harris.

Minsan pang natigilan ang kaibigan sa kabilang  
linya. “You’re serious. I can feel something is wrong.  
Sige, same place.”

“Eleven o’clock. Be there.”

“Okay, *Aristocrat*. Pare, won’t you at least give  
me a hint—”

“*Aristocrat*, 11:00, same table.”

“Okay. Sige, sabi mo eh.”

Si Harris Evangelista ay tubong Tacloban. Isang

Karugtong Ng Isang Gabing Pag-ibig - Louise Villafuerte

Certified Public Accountant. Maraming positibong katangian si Harris. Ang pinakatanyag doon ay ang pisikal nitong kaanyuan. Iyon ang malimit na hinahabol dito ng mga babae. Ngunit likas din yata rito ang pagiging mapili. Wala itong naging seryosong ka-relasyon. Hindi naman kailanman mapagdududahan ang pagkalalaki nito. Talaga lamang pihikan ito sa pagpili ng mapapangasawa.

Ang husay at abilidad ni Harris ang nagtulak dito patungong Maynila. Sa Makati branch ng *PNB* ay naglingkod si Harris bilang manager. Ganoon kabilis ang asenso nito. Wala namang tutol ang mga dinatnan na nito doon. Kasi ay madali ring naipakita ni Harris ang husay nito sa pamumuno sa nasabing bangko. Doon na nga nito naging kaibigan sina Ghio, isang accountant doon, si Raul, na isang free-lance photographer at Bien na isang architect. Ang tagumpay ni Harris ay masasabi pa ring kulang. Kasi ay wala itong paglalaanan bukod siyempre sa mga magulang.

“*Darating tayo d’on,*” malimit nitong isagot kapag tinutukso ng mga kaibigan. Talaga lang raw hindi pa dumadating si ‘Ms. Right’, wika pa nito. Kaya naman hindi napapatid ang mga babaeng mismong nagpapakita ng motibo mapansin lang ng simpatikong bachelor.

Dumating si Harris sa *Aristocrat* bandang 11:10. Naroroon na si Ghio. Sabado noon kaya wala silang pasok. Naka-order na ito ng paborito nilang pagkain. Hindi naman agad nagtanong si Ghio. Pinabayaan muna nitong makakain sila. Nang nagbi-beer na sila ay saka lang ito nagtanong. Pero iba ang isinagot ni Harris dito.

“Kaninong idea ‘yon?”

“You mean, ang special gift namin sa ‘yo?” ani Ghio. Pilyo pa itong ngumiti.

“Oo. Bakit nga ba iyon ang naisip ninyong gift sa akin?” walang ngiting tanong ulit ni Harris.

“Teka, pare, don’t tell me na hindi mo nagustu—”

“That’s not the point.”

“Ano ba talaga ang problema? Hindi yata kita maintindihan?”

Hindi ito sinagot ni Harris. Bagkus ay sa tangang baso ng alak itinuon ang tingin. Lalong naguluhan si Ghio sa kaibigan.

“Harris, ano ba’ng nangyayari sa ‘yo? Ano ba ang problema? Bakit, palpak ba ‘yong babae, ha?”

Sa halip na sumagot ay nagsindi ng sigarilyo si Harris. Sunod-sunod ang hitit-bugang ginawa niya. Pagkuwa’y tumingin nang tuwid sa kaharap. “Kilala mo ba siya? I mean, alam mo ba ang pangalan niya? O address kaya?” tanong niya.

“Hindi. Kakilala lang ni Raul ang nag-tip d’on, eh. Pero what’s you’re point ba, pare? Bakit gusto mo pa siyang kilalanin e babaeng bayaran lang naman ‘yon?”

“No!” may diing sagot ni Harris. Tila galit pa nga. “Hindi siya babaeng bayaran, Ghio. I’m sure hindi siya ganoon.”

“Kung hindi’y bakit siya pumayag na... tinanggap niya ang P30,000.00, pinuntahan ka niya. Ano pa ang ibig sabihin n’on?”

Hindi agad sumagot si Harris. Tila hirap ang loob na napabuntunghininga muna. “Iba siya, pare. Napakaganda niya para maging ganoon.”

Saglit na natawa si Ghio sa tinuran ng kaibigan. “C’mon, Harris, alam mong hindi ang itsura ang batayan ng pagkatao.”

Minsan pang hindi umimik si Harris. Tumungga ng alak. Humitit ng sigarilyo. “Kung kinakailangang baligtarin ko ang buong Maynila makita lang siya,

*Karugtong Ng Isang Gabing Pag-ibig - Louise Villafuerte*  
gagawin ko, Ghio.”

“What! Are you out of your mind? Huwag mong sabihing nagpakatanda ka nang ganyan para lang mabulag sa isang babaeng bayaran? Pare, nahihibang ka na yata,” naiiling na sabi ni Ghio.

“Naniniwala akong hindi siya tulad ng babaeng sinasabi mo. Kahit ngayo’y mapapatunayan ko sa iyon ‘yon,” tila naghahamong sagot dito ni Harris.

“Aber, at anong pruweba ang ibibigay mo sa akin?”

“Birhen siya nang makuha ko. Ngayon, kung hindi ka pa rin naniniwala, halika sa pad ko’t ipapakita ko sa ‘yo ang pruwembang hinahanap mo.”

Sa tinuran niya ay tila natigilan si Ghio. Ito naman ang hindi agad nakasagot.

“Paanong... okay, ang sabi nga ng kakilala ni Raul... well, iyon nga, wala pa daw karanasan iyong babae. Pero hindi kami naniwala.”

“Alam mo bang hindi ko na siya nagisnan kanina? Ni hindi kami nakapag-usap man lang. Isa lang ang naisip kong dahilan. Takot siyang magkaharap kami. Takot siyang sagutin ang maari kong itanong.”

“That’s possible. Kung totoong hindi siya isang...

well, ano kaya ang dahilan at—”

“Iyan ang gusto kong tuklasin kaya kita tinawagan. Gusto kong ma-trace kung sino at taga-saan siya.”

“Okay, nandoon na ako. Let’s say na ma-trace na nga natin. What difference would it make kung malaman mo nga ang gusto mong malaman?” urirat pa ni Ghio.

Muling tumikhim si Harris. Tumingin nang tuwid sa kaibigan. “I think I love her.”

Awang ang bibig na napatitig sa kaibigan si Ghio.

# 3

Nalaman ni Harris ang pangalan ni Loren mula sa mga bakla sa isang beauty parlor na pinupuntahan ng dalaga. Ngunit hindi niya nakuha ang eksaktong address nito. Ang nalaman lang niya ay nakatira ito sa Sta. Mesa. Inaraw-araw ni Harris ang paghahanap kay Loren. Inisa-isa niya ang bawat apartment sa Sta. Mesa. Nagtanong-tanong siya. Bagay na totoong noon lang niya naranasang gawin. Kaya ganoon na lang ang pagtataka ng mga kaibigan niya. Ngayon lamang siya nagkaganoon nang dahil sa isang babae.

Hustong isang linggo ng paghahanap ni Harris nang masumpungan nito ang apartment na hinahanap. Kay Nanay Salud ito nakapagtanong. Sa umpisa ay bantulot pa nga ang matanda. At nahalata iyon ni Harris.

“Hindi ho ako masamang tao. Kaibigan ho ako ni Loren,” paniniyak niya rito.

“Gusto ko lang namang makatiyak,” anito. “Huwag mong mamasamain ang pagdududa ko.”

“Naiintindihan ko ho kayo.”

“Diyan sila sa No. 2 nakatira. Katunayan ay

Karugtong Ng Isang Gabing Pag-ibig - Louise Villafruerte  
kadarating lang ng mag-ina. Naospital kasi ang anak ni Loren,” sabi pa nito.

“A-anak ni Loren?” maang na tanong ni Harris.

“Oo, halika’t tatawagin ko,” sabi pa nito. Nagpatiuna na nga si Nanay Salud sa apartment. Nagtataka pa rin na sumunod na lamang si Harris.

“Ako nga pala si Nanay Salud. Iyon ang tawag nila sa akin, eh. Halika... Loren!” tawag nito. Noon ay nasa may pinto na sila.

“Loren!” Biglang bumukas ang pinto. Bumungad doon ang bata na halos kalahati lang ng pinto. Dito napatuon ang tingin ni Harris.

“Nanay Salud, bakit mo po tinatawag ang Mommy ko?” Si Myan.

“Aba, bakit bumangon ka na?” tanong ni Nanay Salud. Mabilis nitong binuhat ang paslit.

“Sino po siya, Nanay Salud?” usisa ni Myan na kay Harris nakatingin. Nakatayo pa rin ito sa may pinto.

“Ay, santisima! Halika, tumuloy ka. Nawala na tuloy sa loob ko. Ano nga ba ang pangalan mo?” baling ni Nanay Salud sa kanya.

“Harris ho.”

“Tumuloy ka, Harris. Nasaan ba ang Mommy mo? Loren! Pumarine ka nga sandali... Loren!” sigaw ulit nito. Noon ay naiupo na nitong muli si Myan sa sofa.

“Nandito ho ako, Nanay S—” naudlot na sabi ni Loren. Lumabas ito mula sa isang silid. Pagkagulat ang unang bumalatay sa mukha ng babae pagkakita kay Harris.

“Aba, Loren, paupuin mo muna ang bisita mo. Sa akin nakapagtanong ‘yan kaya sinamahan ko na dito,” sabi ni Nanay Salud.

Halatang napipilan si Loren. Walang maapuhap na isagot. Nabigla talaga siya sa pagdating na iyon ni Harris.

“Kamusta?” tanong ni Harris. Tuwid ang tingin nito sa kanya. Pakiramdam niya ay tila siya sinisilihan.

“A... kuwan, maiwan ko na nga muna kayo,” paalam ni Nanay Salud.

“S-salamat ho, Nanay Salud,” sa wakas ay nasabi ni Loren.

“Salamat ho,” segunda ni Harris.

Tumango lamang ang matanda pagkuwa’y

Karugtong Ng Isang Gabing Pag-ibig - Louise Villafuerte

lumabas na. Lalong nakadama ng pagkaasiwa si Loren. Hindi pa rin siya hinihiwalayan ng tingin ni Harris.

“Mommy, sino po siya?” Si Myan. Ito ang bumasag sa katahimikan nila.

“Kaibaigan ako ng mommy mo,” maagap na sagot ni Harris. Pagkuwa’y nakangiti itong lumapit sa kinauupuan ni Myan. Kinandong ito. Prente namang naupo ang bata sa kandungan nito. Bagay na noon lang nito ginawa sa isang hindi kilalang tao. Lalong bumilis ang pintig ng puso ni Loren.

“Ano po ang pangalan mo?” usisa pa ni Myan.

“Tito Harris. Iyon ang gusto kong itawag mo sa ‘kin. Ikaw, ano ang gusto mong itawag ko sa ‘yo, sweetheart?” Hinagkan pa pagkatapos ni Harris ang anak niya sa noo. Nangiti naman si Myan sa ginawa nito.

“Myan po ang pangalan ko, pero ano po ‘yong sinabi n’yo kanina?”

“Alin, ‘yong ‘sweetheart’?”

“Ano po ‘yon?”

Nangingiting napatingin sa kanya si Harris. Ibig din niyang mangiti sa kakulitan ng anak. Pinigil niya

Karugtong Ng Isang Gabing Pag-ibig - Louise Villafuerte  
iyon nang mapansing sa kanya pa rin nakatingin si Harris. Iniwasan niya itong tingnan.

“Iyon ang tawag pag mahal mo ang isang tao,” paliwanag nito.

“Mahal mo po ako?”

“Hindi ba mahal ka ni Mommy? So, pag mahal ni Mommy, mahal ko din.” Pagkasabi noon ay muli siyang binalingan nito. Yumukong bigla si Loren. Pakiramdam niya ay bigla siyang pinamulahan ng mukha. Ayaw niyang basahin ang kahulugan ng sinabi nitong iyon kay Myan.

“Tito Harris, ano po ang tawag mo sa mommy ko?”

“Anak!” maagap na tawag ni Loren. “A... kuwan, kailangan mo nang mag-sleep. Di ba, sabi ng doktor, dapat nagre-rest ka palagi?”

“Pero hindi pa po ako inaantok, Mommy.”

“Mommy is right, sweetheart. Dapat, lagi kang makikinig sa kanya,” sabi ni Harris. Pinangko nito si Myan. Tila naman nasarapan pa si Myan kaya ikinapit pa ang dalawang braso payakap sa leeg nito.

“Saan ba ang room mo? Matutulog ka muna, sabi ni Mommy. Pag gising mo ay papasyal tayo.”

“Talaga po?” sabik pang sabi ng anak niya. “Doon po, o,” turo nito.

Hindi na niya nagawang pigilan si Harris nang ipasok nito sa kuwarto nila si Myan. Wala siyang nagawa kundi ang sumunod.

Isang kamang pandalawahan ang nasa loob ng malinis at maaliwalas na silid na iyon. Doon ibinaba ni Harris si Myan. Pero hindi iniwan, bagkus ay umupo pa nga sa gilid ng kama.

“O, matulog ka na.”

“Aalis ka po?”

“Hindi. Dito lang ako sa tabi mo. Babantayan ka namin ni Mommy, okay ba ‘yon?” sabi pa nito. Nakangiting tumango si Myan.

“O, kiss mo muna si Tito Harris.” Inilapit pa nito ang mukha kay Myan na agad namang dumukwang at humalik sa pisngi nito. Sa mukha ng anak niya ay kitang-kita niya ang saya.

“Ikaw, Mommy, hindi mo po ako iki-kiss?” baling sa kanya ni Myan. Nasa pinto lang noon si Loren. Nabigla nga ito sa tanong ng anak.

Bakit ba siya binalingan pa ni Myan? Kapag tumalima siya ay tiyak na magkakadikit sila ni

*Karugtong Ng Isang Gabing Pag-ibig - Louise Villafuerte*

Harris. Kinakabahan siya. At hindi niya gusto ang nararamdaman niya ngayon.

“Mommy?” ulit ni Myan. Naghihintay ito. Alam niyang matampuhin ang anak. Lalo na kapag naglalambing itong ganoon at hindi napagbigyan.

Saglit na binalingan ng tingin ni Loren si Harris. Sa kanya nga rin ito nakatingin gaya ng hula niya. At wala siyang nakikitang pagkaasiwa man lang sa anyo nito. Ibig tuloy niyang mainis dito. Napabuntunghininga si Loren. Kailangan niyang pagbigyan ang ungot na halik ni Myan. Humakbang siya palapit dito. At nadama niyang muli ang minsan na niyang naranasan. Nang gabing patungo siya sa pad ni Harris. Nang gabing ipagkaloob niya rito ang sarili.

# 4

Tulog na si Myan. Nasa sala na noon sina Loren at Harris. Matapos niya itong bigyan ng juice ay hindi na niya ito inimik. Ito man ay hindi nagsasalita, ngunit nakatitig naman sa kanya. Mas nakakaasiwa sa kanya ang aksyon nitong iyon. Napilitan siyang magsalita.

“A-ano’ng sadya mo?” tanong niya.

Pero sa halip na sumagot ay pinakatitigan pa siya nito. “Ano mo si Myan?” tanong nito.

May kakaibang reaksiyong gumuhit sa mukha ni Loren sa tanong na iyon. “Anong klaseng tanong ‘yan?” may diing sagot niya. Pilit niyang sinalubong ng naiinis na tingin ang tingin nito. “Ano ba talaga ang kailangan mo? Bakit ka nagpunta dito at paano mo nalaman ito?”

“Ano mo si Myan?” ulit nito.

Nasaling na ng kaharap ang pagtitimpi niya. “Hindi ba narinig mo ang tawag niya sa akin? Natural, anak ko!”

“Hindi mo siya anak,” sagot nito, tuwid pa rin ang tingin sa kanya.

Karugtong Ng Isang Gabing Pag-ibig - Louise Villafuerte

Si Loren ang hindi nakatagal sa titig na iyon. Siya ang unang nagbaba ng tingin. Ano ba ang gustong palabasin ng lalaking ito? Sino ito para mag-usisa sa kanya nang ganoon?

“Utang na loob, umalis ka na. Pagod ako. Isang linggo akong nagbantay sa anak ko sa ospital. Umalis ka na. Please,” pakiusap niya.

Muli siyang tinapunan ng nangungusap na tingin ni Harris. “Babalik ako, Loren. Kapag nakapagpahinga ka na. Kapag malinaw na ang isip mo. Marami tayong pag-uusapan,” anito.

“Wala nang kasunod ang pag-uusap nating ito. Walang dahilan para makipagkita ka pa sa akin.”

“Mayroon. Tinitiyak ko sa iyong mayroon.” Pagkasabi noon ay tumayo na ito.

“Utang na loob, H-Harris. Huwag mo nang dugtungan ang... gabing iyon,” pagkasabi noon ay napayuko siya. “I-ibaon mo na ‘yon sa limot. Alang-alang kay Myan.”

Muli itong bumaling sa kanya. Minsan pa siyang pinakatitigan.

“You’re asking the impossible,” saad nito. Saka lang tuluyang tumalikod at lumabas ng bahay na

Kahit na puyat nang nagdaang gabi ay maaga pa ring nagising si Loren kinabukasan. Kaagad niyang hinarap ang paglilinis saka isinunod na rin niya ang para sa tanghalian. Habang nakasalang ang pagkain ay kasabay naman noon ang paggiling ng washing machine. Halos puro damit iyon ni Myan na ginamit sa ospital. Nakapaligo na si Loren nang magising ang anak. Pupungas-pungas pa nang humalik si Myan sa ina.

“O, kumusta ang prinsesa ko? Nakatulog ka ba nang mahimbing?”

“Opo, Mommy, pero nagugutom na po ako.”

“Tamang-tama, nakaluto na ako. Pero bago ka kumain, mag-brush ka muna ng teeth mo at maghilamos, okay?”

Pagkakain ay kinausap ni Loren ang anak. Ipinaliwanag niya rito na kailangan na niyang mag-report sa opisina ng pinapasukan. Kagaya ng dati, inihabilin niya ang anak kay Nanay Salud. Wala naman itong tanggi sa pag-aalaga sa bata. Paano ay napamahal na rin si Myan dito.

Sa unang pinto ng walong apartment, tila hindi galing sa sakit na naglalaro si Myan. Panay ang tawa nito habang nilalaro ni Boyet, bunsong anak ni Nanay Salud. Habang naglalaro ang dalawa ay yakap naman ni Myan ang *Barbie* doll na binili ni Harris. Noon ay mahaba na ang nararating ng pag-uusap nina Nanay Salud at Harris.

“Matagal na ho pala sila dito kung ganoon?” Si Harris.

“Kung hindi ako nagkakamali’y mag-aanim na taon na. Baby pa kasi iyang si Myan nang dumating sila dito noon.”

“Ang mga parents ho ni Loren, hindi ho ba nagagawi dito? Taga-saan nga ho ba sila?” usisa ni Harris.

Tila nabaghan si Nanay Salud. “Akala ko ba’y magkaibigan kayo? Ba’t hindi mo alam kung taga-saan sila?” panghuhuli nito.

Oo nga naman. “Actually ho, one month pa lang kami magkakilala at hindi pa gaano nakakapag-usap. At masyado hong malalim ‘yon kaya pati nga itong apartment ay ipinahanap pa sa akin,” pagpapalusot niya.

Karugtong Ng Isang Gabing Pag-ibig - Louise Villafuerte

“Tungkol doon sa tanong mo, ako nga di’y nagtataka. Wala akong matandaan na nagpaalam siya sa akin na uuwi ng Tarlac sa loob ng anim na taong pagtira nila dito. At minsan ma’y hindi pumarito ang paryentes niya. Nahihiya din naman akong magtanong sa kanya.”

“Ang ibig n’yo hong sabihin, for six years ay hindi sila nagkikita?”

“Ganoon na nga. At natitiyak ko ding hindi kilala ni Myan ang abuelo at abuela niya. Dahil dalawang buwan nga lang siya nang dalhin dito ni Loren,” anito.

“Aling Salud, nabanggit ho ba sa inyo ni Loren kung nasaan ang... asawa niya?” lakas-loob na tanong ni Harris.

Pero hindi na iyon nasagot pa ng matanda. Pinutol iyon ng malakas na pagtawag ni Loren sa anak. Pagkarinig naman sa boses ng ina ay agad tumakbo sa may pintuan si Myan.

“Mommy! Mommy ko!” sigaw nito pagkakita sa ina.

“O, hindi mo ba pinahirapan si—” Naputol ang sasabihin ni Loren nang makita niya si Harris na agad namang ngumiti.

“Good afternoon, Loren. Nagpunta ka daw sa office n’yo kaya hinintay na kita. Pinatuloy naman ako ni Aling Salud,” anito.

“Naku, Loren, pansinin mo naman iyang anak mo. Tuwang-tuwa ‘yan sa doll na ibinigay ng Tito Harris niya,” sabi ni Nanay Salud.

“Mommy, o... binili ni Tito Harris ‘to,” pagmamagaling pa ni Myan. Napatango na lamang si Loren sa anak. Nagpaalam na sila kay Nanay Salud matapos magpasalamat.

“Sweetheart,” baling ni Harris kay Myan pagdating nila sa loob ng apartment, “mabuti siguro, dito ka muna sa sala at laruin mo ang doll mo, okay? Tutulungan ko muna si Mommy sa kitchen,” dugtong pa nito.

Nagngingitngit ang loob ni Loren ngunit pinili niyang huwag sansalain ang sinabi nito. Naisip niyang si Myan din ang balingan. “Myan, pumasok ka muna sa kuwarto at doon ka maglaro. At huwag kang lalabas hangga’t hindi kita tinatawag, naiintindihan mo?” sabi niya. Sinadya niyang paigtingin nang bahagya ang tinig. Walang-salitang sumunod sa kanya si Myan. Pero saglit munang sumulyap kay Harris. Nakita niyang kinindatan ito ni Harris at tila tinanguan na pumasok na nga ito sa kuwarto.

Karugtong Ng Isang Gabing Pag-ibig - Louise Villafuerte

“Ang husay mo palang dumisiplina sa anak. Isang salita mo lang, sunod agad si Myan, ah,” sabi pa nito.

“Ibaba mo na lang ang mga iyan diyan. And once and for all, mag-usap tayo,” walang-ngiting sabi niya.

“Good! That’s what I’ve been waiting for,” anito. Pero sa halip na ibaba ang mga bitbit ay sa kusina ito nagtuloy.

Naiinis na napaupo na lang si Loren sa sofa. Walang nagawa kundi ang hintayin si Harris. Isang basong cold water ang dala nito nang magbalik. Inabot iyon sa kanya.

“Thank you,” tangi niyang naisagot bagama’t napakunot-noo siya dahil lumalabas na ang bisita pa ang umeestima sa may-ari ng bahay. “Okay. Puwede bang ipaliwanag mo sa akin kung bakit gusto mong agawin ang papel ko sa anak ko?” walang-pasakalyeng sabi niya.

Napatingin itong bigla sa kanya. “Ganoon ba ang tingin mo sa ginagawa ko?” diretso ring sagot nito. Nakaupo na noon si Harris sa sofa sa tapat niya.

“Bakit, hindi ba? Ano’ng karapatan mong gawin iyon nang walang pahintulot ko?”

Sa halip na sumagot ay waring pinag-aralan

*Karugtong Ng Isang Gabing Pag-ibig - Louise Villafuerte*

pa nitong mabuti ang ekspresyon sa mukha niya. Pagkuwa'y ngumiti ito. "You know what? I admire your guts. Imagine, nagawa mong palakihin si Myan all by yourself. Mahirap yatang magpalaki ng hindi mo talaga anak."

Ang huling tinuran nito ay waring nagpaigting sa tinitimping galit ni Loren. "Ano'ng karapatan mong pagsalitaan ako nang ganyan? And who told you na si Myan ay... ay—"

"Hindi mo tunay na anak?" maagap nitong dugtong. Pero mahina lang. Tila ayaw rin nitong ipadinig sa sino man.

"Don't dare say that again! Ano ba'ng alam mo sa buhay ko?"

"Few things so far. But I intend to know everything about you. That's a promise."

"Puwes, wala kang malalaman, tinitiyak ko sa 'yo. Ito na ang huling pagpunta mo dito. Ang huling pakikipagkita mo sa anak ko."

Ngumiti lang ito. "I told you I admire your guts, pero nagkataong madami din ako n'on. At mahaba din ang pang-unawa ko lalo na sa mga babaeng masyadong hot-tempered," anito.

*Karugtong Ng Isang Gabing Pag-ibig - Louise Villafruerte*

Ang matatalim na tingin ni Loren ay unti-unting nawala. Yumuko ito. Nang muli siyang magtaas ng mukha ay iba na ang ekspresyon nito. Nag-iba na rin ang tinig niya nang muling magsalita. “H-hindi ko alam kung ano ang gusto mo. H-hindi ko alam kung bakit gusto mo pang makigulo sa aming mag-ina.”

Nag-iba rin ang timpla ni Harris. “That’s precisely my point. Believe it or not, Loren, gusto kitang tulungan. Let me help. Alam ko, nararamdaman kong may problema ka,” sabi nito.

Pinakatitigan ito ni Loren. Ang sinseridad sa sinabi nito ang nakita niya roon. “Bakit? Bakit gusto mo akong tulungan?”

Saglit na nag-iwas ng tingin si Harris. Nang muling tumingin sa kanya ay tila asiwa na. “Siguro dahil you look so fragile. Siguro dahil... I feel like helping you... that’s it.”

Nailing na napayuko na lamang si Loren.

Mabilis na kumilos si Harris. Namalayan na lamang niyang katabi na niya ito sa sofa. Gagap na nito ang isa niyang kamay. Bahagya iyong pinisil. “Loren, please, hayaan mong tulungan kita.” Para pa itong nagsusumamo.

Nag-angat siya ng mukha. Minsan pang nagdaop

*Karugtong Ng Isang Gabing Pag-ibig - Louise Villafuerte*

ang tingin nila. Unti-unti na namang nabubuhay sa katawan niya ang pakiramdam na nadarama lang niya sa tuwing malapit ang lalaking ito. “Bakit, Harris? Bakit gusto mong tulungan ang isang... ang isang tulad kong...”

Idinampi nito ang isang daliri sa labi niya. Saka sinapo ng dalawang palad ang mukha niya at pinakatitigan.

“H-hindi mo pa ako kilala nang lubusan,” sabi niya.

“That’s why I’m here. Gusto kong makilala ka nang lubusan.”

Hindi niya matagalan ang titig ng lalaki. Ngunit hindi rin niya magawang umiwas dahil hawak siya nito sa mukha.

“A-anong kapalit nito? Ano ang kapalit ng lahat ng kabutihan mo sa akin?”

Kailangan bang may kapalit ang lahat ng bagay?” seryosong tanong ni Harris.

“Hindi nga ba? Hindi ba’t ganoon ang kalakaran ng mundo ngayon?” May pait na kalangkap ang himig ng pagsasalita ni Loren. Sa mukha nito ay bakas ang hapding dulot marahil ng karanasang pinagdaanan

*Karugtong Ng Isang Gabing Pag-ibig - Louise Villafuerte*

nito na pilit inililihim sa dibdib.

“Ang maging masaya ka, tama nang kabayaran ‘yon para sa akin,” sagot ni Harris. Saka siya tinitigan ng tinging nangungusap.